REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
BATANGAS CITY

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON OCTOBER 10, 2017 AT THE SANGGUNIAN SESSION HALL

PRESENT:

Hon. Angelito "Dondon" A. Dimacuha,	Acting Presiding Officer
Hon. Aileen Grace A. Montalbo,	Councilor
Hon. Glenn M. Aldover,	"
Hon. Sergie Rex M. Atienza,	"
Hon. Hamilton G. Blanco,	"
Hon. Oliver Z. Macatangay,	"
Hon. Armando C. Lazarte,	"
Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted,	"
Hon. Julian B. Villena,	"
Hon. Gerardo A. Dela Roca,	"
Hon. Nestor E. Dimacuha,	"
Hon. Nelson J. Chavez,	"

ABSENT:

Hon. Emilio Francisco A. Berberabe Jr.,	(O.B.)	Presiding Officer
Hon. Alyssa Renee A. Cruz,	(Study Leave)	Councilor

"On motion of Councilor Blanco seconded by Councilor Nestor Dimacuha, the following Resolution was Adopted:

RESOLUTION NO. 304 S. 2017

REFERRING TO THE COMMITTEE ON BARANGAY AFFAIRS THE BARANGAY ORDINANCE NO. 2 AND NO. 3 OF BARANGAY PAHARANG KANLURAN, BATANGAS CITY

RESOLVED, to refer to the Committee on Barangay Affairs for its study and recommendation the following:

1. Barangay Ordinansa Bilang 2, Serye 2017 ng Barangay Paharang Kanluran, Lungsod ng Batangas na may pamagat na "Ordinansa na Nagtatakda ng Speed Limit na 20 KPH sa Lahat ng Uri ng Sasakyan na Dumadaan sa Pook Paaralan ng Mababa at Mataas na Paaralan ng Paharang na Sakop ng Barangay Road."

2. Barangay Ordinansa Bilang 3, Serye 2017 ng Barangay Paharang Kanluran, Lungsod ng Batangas na may pamagat na "Ordinansa na Nagbabawal sa mga Menor De Edad na Uminum ng Alak, Manigarilyo at Gumala ng Nakainum ng Alak sa Pampublikong Lugar na Nasasakupan ng Barangay."

UNANIMOUSLY APPROVED."

Continuation of Resolution No. 304 S. 2017

REFERRING TO THE COMMITTEE ON BARANGAY AFFAIRS THE BARANGAY ORDINANCE NO. 2 AND NO. 3 OF BARANGAY PAHARANG KANLURAN, BATANGAS CITY

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 304 S. 2017 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on October 10, 2017.

ATTY. OLIVA D. TELEGATOS
Secretary
Sangguniang Panlungsod

ATTESTED:

ANGELITO "DONDON" A. DIMACUHA
Acting Presiding Officer

ODT/ystingchuy…

Sangguniang Panlungsod
RECEIVED
By:
Date/Time: 10/3/17 - 10:03 am

LUNGSOD NG BATANGAS
SANGGUNIANG PAMBARANGAY
BARANGAY PAHARANG KANLURAN

ORDINANSA BILANG 2, SERYE 2017

ORDINANSA NA NAGTATAKDA NG SPEED LIMIT NA 20 KPH SA LAHAT NG URI NG SASAKYAN NA DUMADAAN SA POOK PAARALAN NG MABABA AT MATAAS NA PAARALAN NG PAHARANG NA SAKOP NG BARANGAY ROAD

SEKSYON 1. TAKDANG TULIN SA LAHAT NG SASAKYAN NA DADAAN SA POOK PAARALAN. Ang itinatakdang tulin ay dalawampung kilometro kada oras (20 kph) para sa lahat ng sasakyan na dadaan sa pook paaralan na sakop ng barangay road.

SEKSYON 2. TAKDANG LUGAR NA SAKOP NG PAGPAPATUPAD . Isandaang metro simula sa paaralan patungong kanluran at isang daang metro din patungong silangan.

SEKSYON 3. TAKDANG ARAW AT ORAS NG PAGPAPATUPAD. Lunes hanggang Biyernes simula ika-6 ng umaga hanngang ika-6 ng hapon.

SEKSYON 4. PALATANDAAN NG IPINATUTUPAD NA ORDINANSA. Mga karatula ng babala, takdang tawiran ng tao at alituntunin na nakapaskil na magbibigay kaalaman sa ipinatutupad na ordinansang ito.

SEKSYON 5. KAPARUSAHAN SA PAGLABAG SA KAUTUSAN. Ang sinumang lalabag sa ordinasang ito ay papatawan ng multa ayon sa sumusunod na paglabag:

UNANG PAGLABAG	-P 100.00
IKALAWANG PAGLABAG	-P 500.00
IKATLONG PAGLABAG	-P 1,000.00

SEKSYON 6. ANG MAYKAPANGYARIHANG MAGPATUPAD NG KAUTUSANG ITO. Ang Philippine National Police (PNP) , Barangay Tanod at Barangay Official.

SEKSYON 6. TALATANG NAG-PAPAWALANG BISA. Ang anumang kautusan o ordinansa ng Barangay na taliwas sa itinatakda ng mga probisyon ng ordinansang ito ay pinapawalang bisa.

SEKSYON 7. PAGKAKABISA. Ang Ordinansang ito ay magkakabisa sampung (10) araw buhat na ito ay maripaso at mapagtibay ng Sangguniang Panlungsod.

SAPAGKAT, ang Mababa at Mataas na Paaralan ng Paharang ay nasa teretoryo na nasasakop ng Barangay Paharang Kanluran;

SAPAGKAT, responsibilidad ng pamahalaang barangay ng Paharang Kanluran na pangalagaan at siguraduhin ang kaligtasan ng mga mag-aaral at mga taong pumapasok at lumalabas dito;

SAPAGKAT, lubhang mapanganib sa mga mag-aaral ang mga matutuling sasakyan na dumadaan sa lagusan papasok at palabas sa pook paaralan;

SAPAGKAT, may mga naitala ng aksidente dahil sa mabibils na pagpapatakbo ng sasakyan sa tinutukoy lugar sa oras ng pasukan at labasan ng mga mag-aaral;

SAPAGKAT, wala pang batas pangbarangay na umiiral na nagtatakda ng speed limit at nagbabawal ng mabilis na pagpapatakbo sa lahat ng uri ng sasakyan sa pook paaralan;

KUNGKAYAT, sa munngkahi ni **Kagawad Antonio E. Riola** at pinangalawahan ni Kagawad Lolinda F. Lilangat sinangayunan ng lahat , ang ordinansang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Pambarangay ng Paharang Kanluran.

PINATUTUNAYAN na ang sinundang Resolusyon ng Barangay Blg.2 , serye 2017 na naglalaman ng Ordinansa sa PAGTATAKDA NG SPEED LIMIT NA 20 KPH SA LAHAT NG SASAKYAN NA DUMADAAN SA POOK PAARALAN NG MABABA AT MATAAS NA PAARALAN NG PAHARANG ay isinasabatas ng Sangguniang Barangay sa pangkaraniwang pulong na ginanap sa Barangay Hall ng Paharang Kanluran noong ika-19 ng Agosto, 2017.

PINATOTOHANAN:

CRISTINA LOPEZ
KALIHIM

PINAGTIBAY:

KGG. NENELITA ZARASPE
PUNONG BARANGAY

KGG. ANTONIO E. RIOLA
KAGAWAD (May Akda)

KGG. JERRY VILLENA
KAGAWAD

KGG. EDITHA TEGON
KAGAWAD

KGG. GREGORIO GUPIT
KAGAWAD

KGG. AVELINO CATLE
KAGAWAD

KGG. LILINDA LILANG
KAGAWAD

KGG. LUIS SADIANGCOLOR
KAGAWAD

Sangguniang Panlungsod
RECEIVED
By: Lolinda Lilang
Date/Time: 10/3/17 - 10:03 am

LUNGSOD NG BATANGAS
SANGGUNIANG PAMBARANGAY
BARANGAY PAHARANG KANLURAN

ORDINANSA BILANG 3, SERYE 2017

ORDINANSA NA NAGBABAWAL SA MGA MENOR DE EDAD NA UMINUM NG ALAK , MANIGARILYO AT GUMALA NG NAKAINUM NG ALAK SA PAMPUBLIKONG LUGAR NA NASASAKUPAN NG BARANGAY PAHARANG KANLURAN.

SEKSYON 1. EDAD NA SAKOP NG KAUTUSAN. Lahat ng kabataan na wala pang labingwalong taon ang edad ay sakop ng ordinansang ito.

SEKSYON 2. MGA PAMPUBLIKONG LUGAR NA SAKOP NG PAGPAPATUPAD . Ang mga pampublikong lugar ay ang paaralan, kaisada, mga tindahan, palaruan, barangay hall, chapel , gusali o tanggapan na pag-aari ng pamahalaan.

SEKSYON 3. TAKDANG ARAW AT ORAS NG PAGPAPATUPAD. Ito ay ipinatutupagd sa lahat ng oras at araw.

SEKSYON 4. KAPARUSAHAN SA PAGLABAG SA KAUTUSAN. Ang sinumang lalabag sa ordinasang ito ay papatawan ng kaparusahan sa sumusunod na paglabag:

UNANG PAGLABAG	-limbitahan sa barangay hall at ipatatawag ang magulang upang dito Isulit at ipaliwanag ang umiiral na ordinansang nilabag ng anak.
IKALAWANG PAGLABAG	-Sasailalim sa isang counseling progam na ibibgay ng Womens and Children Protection Desk officer ng barangay.
IKATLONG PAGLABAG	-Isusulit sa CSWD upang mabigyan ng kaukulang aksyon at mga programang angkop na magpapabago ng pag-uugali ng mga kabataan na naliligaw ng landas.

SEKSYON 5. ANG MAYKAPANGYARIHANG MAGPATUPAD NG KAUTUSANG ITO. Ang Philippine National Police (PNP) , Barangay Tanod at Barangay Official.

SEKSYON 6. TALATANG NAG-PAPAWALANG BISA. Ang anumang kautusan o ordinansa ng Barangay na taliwas sa itinatakda ng mga probisyon ng ordinansang ito ay pinapawalang bisa.

SEKSYON 7. PAGKAKABISA. Ang Ordinansang ito ay magkakabisa sampung (10) araw buhat na ito ay maripaso at mapagtibay ng Sangguniang Panlungsod.

SAPAGKAT, ang mga kabataan na wala pa sa hustong edad ay kailangang maprotektahan at mailayo sa mga bisyo na pag-inum ng alak at paninigarilyo;

SAPAGKAT, marami sa mga menor de edad ang lantarang gumagala sa pampublikong lugar ng nakainum ng alak at naninigarilyo;

SAPAGKAT, ang mga kaso ng rambulan, awayan , pagnanakaw at iba pang gulo ay kinasasangkutan ng mga taong nasa impluwensya ng alak;

SAPAGKAT, wala pang batas pangbarangay na nagbabawal sa lahat ng menor de edad na gumala sa pampublikong lugar na sakop ng Barangay Paharang Kanluran ng makainum ng alak at naninigarilyo .

KUNGKAYAT, sa munngkahi ni **Kagawad Antonio E. Riola** at pinangalawahan ni **Kagawad *Lolinda F. Lilang*** *at sinangayunan ng lahat, ang ordinansang ito ay pinagtibay ng* Sangguniang Pambarangay ng Paharang Kanluran.

PINATUTUNAYAN na ang sinundang Resolusyon ng Barangay Blg.3, serye 2017 na naglalaman ng Ordinansa sa PAGBABAWAL SA LAHAT NG MENOR DE EDAD NA GUMALA SA PAMPUBLIKONG LUGAR NA SAKOP NG BARANGAY PAHARANG KANLURAN NG NAKAINUM NG ALAK AT NANINIGARILYO ay isinasabatas sa pulong na ginanap sa Barangay Hall ng Paharang Kanluran noong ika-19 ng Agosto, 2017.

PINATOTOHANAN:

CRISTINA LOPEZ
KALIHIM

PINAGTIBAY:

KGG. NENELITA ZARASPE
PUNONG BARANGAY

KGG. ANTONIO E. RIOLA
KAGAWAD (May Akda)

KGG. JERRY VILLENA
KAGAWAD

KGG. EDITHA TEGON
KAGAWAD

KGG. GREGORIO GUPIT
KAGAWAD

KGG. AVELINO CATLE
KAGAWAD

KGG. LILINDA LILANG
KAGAWAD

KGG. LUIS SADIANGCOLOR
KAGAWAD